## *Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan Yugto 7*
## *Ang Pangalawang Pagdating ni Cristo*
## *Ang Pagkabuhay ng mga Namatay at ang Masidhing Kagalakan*

Si Cristo ay babalik sa itinakdang panahon ng Dios. Hindi natin mahuhulaan ang oras at hindi para sa atin na malaman ang oras para doon. Tinanong ng mga alagad si Jesus tungkol doon ngunit ipinagkait Niya sa kanila ang pribelihiyo na malaman nila kung anong oras Siya darating gaya ng mababasa natin dito: ***"6 Tinanong nga siya nila nang sila'y nangagkakatipon, na nangagsasabi, Panginoon, isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito? 7 At sinabi niya sa kanila, Hindi ukol sa inyo ang pagkaalam ng mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan." (Mga Gawa 1:6-7 KJV)***

Inilarawan sa atin ni Pablo ang tungkol sa pangalawang pagparito ni Cristo at pagpanaog Niya mula sa Langit at kung paanong ang mga namatay kay Cristo ay aagawing kasama Niya sa pagbaba at kalaunan, tayo na mga buhay pa ay kukunin kasama nila sa alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin. ***"13 Nguni't hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pagasa. 14 Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya. 15 Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; 17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. 18 Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:13-18 KJV)*** Kaya kapag si Cristo ay bumaba, unang bubuhayin ang namatay kay Cristo mula sa nangamatay sa kanilang binuhay na espiritong katawan, pagkatapos tayong nabubuhay pa ay papalitan ng espirituwal na mga katawan at aagawing kasama nila sa alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin at magpakailaman kasama Niya.

Tungkol sa mga hindi mananampalataya (ang masasama) na namatay sila'y hindi bubuhayin sa panahong ito ng Kanyang pangalawang pagparito. Sila'y mananatili pa rin sa impierno hanggang sa panahon ng huling paghuhukom kapag sila'y humarap sa harap ng dakilang luklukan ng Dios para sa paghatol upang hatulan at magpakailanman.

Si Pablo ay nagsalita pa tungkol sa pagkabuhay ng mga namatay: ***"39 Hindi ang lahat ng laman ay magkasing-isang laman: kundi may laman sa mga tao, at ibang laman sa mga hayop, at ibang laman sa mga ibon, at ibang laman sa mga isda. 40 Mayroon namang mga katawang ukol sa langit, at mga katawang ukol sa lupa: datapuwa't iba ang kaluwalhatian ng ukol sa langit, at iba ang ukol sa lupa.*** (Mayroong makalangit na espirituwal na katawan (na tinatawag na celestial na katawan) at mayroong makalupang katawan (na tinatawag na terrestia na katawan) Tayo ay mabubuhay at mamatay sa makalupang naturang katawan, ngunit kapag tayo'y nabuhay, bubuhayin tayo ng espirituwal na Makalangit na katawan). ***41 Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin; sapagka't ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian. 42 Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may kasiraan; binubuhay na maguli na walang kasiraan; 43 Itinatanim na may pagkasiphayo; binubuhay na maguli na may kaluwalhatian: itinatanim na may kahinaan; binubuhay na maguli na may kapangyarihan: 44 Itinatanim na may katawang ukol sa lupa; binubuhay na maguli na katawang ukol sa espiritu. Kung may katawang ukol sa lupa ay may katawang ukol sa espiritu naman.*** (Ang makalupang naturang katawan ay mahinang nasisira, at di pararangalan, at kailangang pangalagaan, pakainin, paliguan, magsipilyo ng ngipin at gamutin ang karamdaman, Ngunit ang Makalangit na katawan ay malakas, hindi nasisira, may kaluwalhatian, at di kailangan ng pangangaalga). ***45 Gayon din naman nasusulat, Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay. Ang huling Adam ay naging espiritung nagbibigay buhay.*** (Ang naturang katawan ng tao ay nagmula kay Adam sa pamamagitan ng ating mga magulang, ngunit ang espirituwal na MakaLangit na katawan ay nakuha natin sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Cristo). ***46 Bagaman ang ukol sa espiritu ay hindi siyang una, kundi ang ukol sa lupa: pagkatapos ang ukol sa espiritu.*** (Una tayo ay ipinanganak sa naturang makalupang katawan, pagkatapos ay mamatay sa naturang makalupang katawan, ngunit kung tayo'y bubuhaying muli ay bubuhayin sa maluwalhating di nasisira matatag at walang hanggang Makalangit na espirituwal na katawan). ***47 Ang unang tao ay taga lupa na ukol sa lupa: ang ikalawang tao ay taga langit. 48 Kung ano ang ukol sa lupa, ay gayon din naman silang mga taga lupa: at kung ano ang ukol sa langit ay gayon din naman silang taga langit. 49 At kung paanong tinaglay natin ang larawang ukol sa lupa, ay tataglayin din naman natin ang larawang ukol sa langit. 50 Sinasabi ko nga ito, mga kapatid, na ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Dios; ni ang kasiraan ay magmamana ng walang kasiraan. 51 Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat***

***ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin,*** (Narito sinasabi ni Pablo ang tungkol sa atin, na buhay pa sa pangalawang pagparito ng Panginoon.) ***52 Sa isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin.*** (Sa pagbaba ni Cristo at sa huling pagtunog ng pakapak ng Dios ang mga namatay na matuwid ay bubuhayin mula sa nangamatay sa kanilang Makalangit na espirituwal na katawan, kapag ang kanilang kaluluwa ay pinagkaisang muli ng kanilang katawan, kung gayon tayo pagkatapos nila, na nabubuhay pa, ay babaguhin sa isang saglit, sa isang kisap-mata, tayo ay babaguhin mula sa makalupang naturang katawan sa Makalangit na espirituwal na katawan, at sasalubungin kasama nila ang Panginoon sa hangin). ***53 Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. 54 Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan.*** (Kapag ito'y naganap sa pagbibihis ng hindi nasisira at walang kasiraan, kung gayon ang kamatayan ay lalamunin), ***" (1 Corinto 15:39-54 KJV)*** At iyon ang isinasaysay ni Pablo sa mga taga Roma, nang sabihin Niya na tayo'y naghihintay nang masikap para sa pagtubos ng ating mga katawan; upang mawala ang makalupang naturang katawan at ilagay ang Makalangit na espirituwal na katawan, ***"22 Sapagka't nalalaman natin na ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon. 23 At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating katawan." (Roma 8:22-23 KJV)***

Sa mga taga Filipos, sinabi ni Apostol Pablo, ***"10 Upang makilala ko siya, at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng kaniyang mga kahirapan, na ako'y natutulad sa kaniyang pagkamatay: 11 Kung aking tamuhin sa anomang paraan ang pagkabuhay na maguli sa mga patay." (Filipos 3:10-11 KJV)*** Sa talata 10 si Pablo ay nanabik na daanan ang karanasan ng pagkabuhay ng katawan at Sa talata 10 ay nananabik si Pablo na daanan ang karanasan ng pagkabuhay na mag uli ng katawan at isulong ang kanyang kahandaan na dumaan sa pagdurusa ni Cristo maging hanggang sa punto ng kamatayan, upang madaanan niya ang karanasan ng pagkabuhay na mag uli ng katawan. Sa talata 11 ay itinakda ni Pablo ang kanyang puso sa Langit bilang kanyang kaligayahan: ***"Kung aking tamuhin sa anomang paraan ang pagkabuhay na maguli sa mga patay."*** Nais niyang pagdaanan ang pagdurusa at kamatayan upang makamit ang pagkabuhay ng katawan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon. Ang kasiyahan na mapasa Langit ay tinawag ditong pagkabuhay ng mga namatay, dahil, bagama't ang mga kaluluwa ng mabubuti, kapag sila'y namatay, ay kaagad ay mapapasa kay Cristo, gayon pa man ang kanilang kaligayahan ay hindi mabubuo hanggang sa pangkalahatan ng pagkabuhay na mag uli ng mga katawan ng mga patay sa Kanyang ikalawang pagparito, kung kailan ang kaluluwa at katawan ay magkakaisa at luwalhatiin nang magkasama.

Mayroon ding sa ibang panahon ng pagkabuhay ng hindi matuwid, na siyang bubuhayin kalaunan, ngunit sa kahihiyahan at walang hanggang paghatol; at ang pagmamalasakit ay takasan iyon; Dapat tayong magsisi sa lahat ng ating mga kasalanan at kasamaan upang takasan ang paghatol ng Dios sa masama. Ngunit ang kasiyahan at maluwalhating pagkabuhay ng mga banal ay tinawag na pagkabuhay ng buhay, gaya ng pagkabuhay ni Cristo pabalik sa buhay, na ating puno at unang-bunga.

Ngunit ang masama ay babangon lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo, bilang kanilang hukom at para sa paghatol, Sa mga banal ito ay magiging tunay na pagkabuhay, isang pagbabalik sa kaligayahan, at buhay, at kaluwalhatian; samantalang ang pagkabuhay na mag uli ng masasama ay isang pagbangon mula sa libingan, ngunit isang pagbabalik sa pangalawang kamatayan. Sapagkat ang mabuti o ang matuwid ang pagkabuhay na mag uli ay tinatawag na pagkabuhay na mag uli ng buhay, salungat sa pagkabuhay na mag uli ng kapahamakan sa masasama gaya ng mababasa natin dito, ***"At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol." (Juan 5:29 KJV)*** Ang Ang matuwid ay itinuturing na karapat-dapat na matamo ang walang-hanggang daigdig na iyon at ang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay, ***"Datapuwa't ang mga inaaring karapatdapat magkamit ng sanlibutang yaon, at ng pagkabuhay na maguli sa mga patay, ay hindi mangagaasawa, ni papagaasawahin:" (Lucas 20:35 KJV)*** Ang masayang pagkabuhay na ito ay pinilit ng apostol na makamit. Handa niyang gawin ang lahat, o magdusa ng anumang bagay, upang makamit niya ang pagkabuhay muling iyon. Ang pag-asa at pag asam na ito ay nagdala sa kanya nang may labis na katatagan at katapatan upang makamit ito sa kabila ng lahat ng paghihirap na naranasan niya sa kanyang buhay at ministeryo kay Cristo. Binanggit ni Pablo ang tungkol sa pagkabuhay na iyon na para bang nanganganib siyang mawala ito, at hindi makarating dito, sapagkat siya ay masigasig na makamit ito.

Tingnan dito, na si Pablo ay may malasakit na matagpuan kay Cristo upang makamit niya ang pagkabuhay na mag uli ng buhay. ***"10 Upang makilala ko siya, at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng kaniyang mga kahirapan, na ako'y natutulad sa kaniyang pagkamatay; 11 Kung aking tamuhin sa anomang paraan ang pagkabuhay na maguli sa mga patay." (Filipos 3:10-11 KJV)*** Mismong si

Pablo ay hindi pinangarap na kamitin ito sa pamamagitan ng kanyang sariling kahusayan at katuwiran ni JesuCristo. Na parang sinasabi ni Pablo: *"Hayaan mong matagpuan ko kay Cristo, matagpuan ko bilang isang mananampalataya sa Kanya, may malasakit sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya at sa kanyang pagdurusa, maging hanggang sa punto ng kamatayan, upang makamit ko ang pagkabuhay na mag uli ng buhay,"* Ang banal na pagkatakot ng pagdating ng pagkamit ng pagkabuhay na maguli ay isang dakilang kahulugan ng pagtitiis para kay Pablo, at iyon ang paraan na dapat nating gawin sa ating buhay at ministerio upang tiyakin ang pagbuhay na maguli.

***"12 Hindi sa ako'y nagtamo na, o ako'y nalubos na: kundi nagpapatuloy ako, baka sakaling maabot ko yaong ikinaaabot naman sa akin ni Cristo Jesus." (Filipos 3:12 KJV)*** Ang pagkilos ni Apostol Pablo ay nasa ilalim ng pananalig ito na hindi niya pa nakamit o naabot o nagawa ang pagkabuhay na maguli, kaya't nagpatuloy siya nang sabihin niya, ***"nagpapatuloy ako"*** na sa Griyego ay 'dioko', na nangangahulugang masigasig akong magpatuloy, o tumakbo nang mabilis para mahuli ang isang tao gaya ng isang nagpapatuloy sa palarong pagtakbo. Na parang sinasabi niya *'Sinisikap kong makakuha ng higit na biyaya upang gumawa ng mas mabuti, at hindi kailanman iniisip na sapat na ang nagawa ko, upang makuha ko ang para sa akin na para sa akin din ay hawak ni Cristo Jesus.'*

***"13 Mga kapatid, hindi ko pa inaaring inabot: datapuwa't isang bagay ang ginagawa ko, na nililimot ang mga bagay na nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap," (Filipos 3:13 KJV)*** Ito ang isang bagay na ginawa ko (ito ang malaking pagmamahal at pagmamalasakit ni Pablo), kinakalimutan ang lahat ng mga bagay na nasa aking likuran, at inaabot ang mga bagay na nauna sa akin. Mayroong makasalanang paglimot sa nagdaang mga kasalanan at nagdaang biyaya, na dapat alalahanin para sa pagsasagawa ng patuloy na pagsisisi at pagpapasalamat sa Dios. Kailangan nating kalimutan na samantalahin ang biyaya ng Dios at kalimutan na abusuhin ang habag ng Dios kaya naman kailangan nating patuloy na magsisi at patuloy na magpasalamat sa awa ng Dios. Nakalimutan ni Pablo ang mga bagay na nasa likuran niya kaya hindi nakuntento sa lahat ng kanyang nakamit sa nakaraan. Ngunit inaabangan niya ang makamit pa at maabot ang mga mithiing nakatakd sa kanyang harapan na hindi pa niya nakakamit. Marami pa rin ang mga bagay na kanyang ginagawa na naghihintay sa kanya. Kaya't inabot niya, at iniunat ang kanyang sarili gaya ng sinasabi niya ***"14 Nagtutumulin ako sa hangganan sa ganting-pala ng dakilang pagtawag ng Dios na kay Cristo Jesus." (Filipos 3:14 KJV)***

Nagpatuloy si Pablo sa paglapit sa tanda ng pagtatapos ng pagtakbo, at patuloy pa rin siyang sumusulong nang mabilis hangga't kaya niya; tulad ng mga tao na ang kanilang mata ay sa Langit, at tayo ay kabilang sa kanila, ay dapat pa ring sumulong sa mga banal na hangarin at pag asa, at patuloy na pagsisikap at paghahanda. Kahit na ikaw ay may maraming kaguluhan at hangganan gawin nang maayos ang iyong mga takdang gawain at gawin mo hanggang dulo sa pagpahintulot sa iyo na gawin, at patuloy na maglingkod kay Cristo at hangga't maaari at ipamuhay ang iyong buhay para sa Kanya.

***"15 Kaya nga, kung ilan tayong mga sakdal, ay magisip ng gayon: at kung sa anoma'y nangagkakaiba kayo ng iniisip ay ipahahayag naman ito sa inyo ng Dios:" (Filipos 3:15 KJV)*** Ang mga Apostol, ay mayroon ng pagmumungkahi ng kanyang sarili bilang isang sakdal na halimbawa, hinihimok ang mga taga Filipos na sundan ito. Mahal kong Kapatid, mapasa atin parehong pag iisip na nasa pinagpalang si Pablo. Makikita natin kung paano siya naging sakdal; kaya't tayo ay maging katulad ng pag iisip, at itakda ng ating puso kay Cristo at sa Langit, gaya ng ginawa niya.

***"16 Lamang, ay magsilakad tayo ayon sa gayon ding ayos na ating inabot na." (Filipos 3:16 KJV)*** Sumang ayon tayo patungo sa tanda ng katapusan, sa Langit, at gawin ang Langit ang ating katapusan. Anumang kahirapan at kasakitan ang ibinibigay sa atin, gawin nating ang Langit ang ating layunin at tiisin hanggang makarating doon.

***"17 Mga kapatid, kayo'y mangagkaisang tumulad sa akin, at tandaan ninyo ang mga nagsisilakad ng gayon, ayon sa halimbawang nakikita ninyo sa akin." (Filipos 3:17 KJV)*** Itinakda ni Pablo ang kanyang sarili at ang kanyang mga kapatid para sa isang halimbawa, sa pagsalungat sa masasamang halimbawang ito. Sa parehong paraan kailangang gawin natin ang ating pinaka mahusay upang makasama ang mga taong nagtakda sa Langit bilang isang mithiin upang maabot. Sapagkat marami na gumagawa ng masama at dapat nating iwasan ang mga ito. ***"18 (Sapagka't marami ang mga nagsisilakad, na siyang madalas na aking sinabi sa inyo, at ngayo'y sinasabi ko sa inyo na may pagiyak, na sila ang mga kaaway ng krus ni Cristo:" (Filipos 3:18 KJV)*** Binalaan sila ni Pablo laban sa mga halimbawa ng mga manghihikayat at masasamang tagapagturo, ***"19 Na ang kanilang kahihinatnan ay ang kapahamakan, na ang kanilang dios ay ang tiyan, at ang kanilang kapurihan ay nasa kanilang kahihiyan, na nagiisip ng mga bagay na ukol sa lupa." (Filipos 3:19 KJV)*** Na dahil sa mga bagay ng sanglibutang ito na kasiyahan, kayamanan at katanyagan. Binabalaan ko kayo na aking mga kapatid at aking mga kapatid na mga babae na mabatid at iwasan na ang Dios ay ang kanilang tiyan at itinakda ang kanilang

isipan sa kasiyahan, kayamanan at katanyagan, at huwag hayaang linlangin ka nila at baguhin ka mula sa pagpapatuloy na abutin ang Langit.

***"20 Sapagka't ang ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula doon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo:" (Filipos 3:20 KJV)*** Ipinaliwanag ni Pablo ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanilang pagibig kay Cristo at sa Langit nang sinabi niya, ***"Sapagka't ang ating pagkamamamayan ay nasa langit;"*** Tingnan: Ang mabubuting Cristiano kahit na sila'y nasa lupa, ay may pagkamamayan sa Langit, naghihintay sa pangalawang pagparito ni Cristo na papanaog mula sa Langit upang kunin tayo. Dahil sa pangalawang pagparito ni Cristo inaasahan natin na maging masaya at maluwalhati doon. Kaya mayroong mabuting dahilan na magkaroon ng pagkamamayan sa Langit, hindi lamang dahil si Cristo ay naroron, kundi dahil umaasa tayo na naroon tayo sa lalong madaling panahon.

***"21 Na siyang magbabago ng katawan ng ating pagkamababa, upang maging katulad ng katawan ng kaniyang kaluwalhatian, ayon sa paggawa na maipagpapasuko niya sa lahat ng mga bagay sa kaniya." (Filipos 3:21 KJV)*** Na magbabago ng ating mahinang katawan, na maaring makagawa kagaya ng Kanyang maluwalhating katawan. Mayroong maluwalhating nakalaan para sa katawan ng mga banal, na magbibigay karapatan sa pagkabuhay. Ang katawan ay ngayon sa pinakamahusay na isang karumal dumal na katawan. Ito ay may pagbangon at pinagmulan mula sa lupa, ito ay inilalaan sa labas ng lupa, (pagkain inumin, tela, sapatos at kama) at napapailalim sa maraming mga sakit at sa kamatayan sa wakas. Bukod dito, madalas itong dahilan at kasangkapan ng maraming kasalanan, na tinatawag na katawan ng kamatayang ito tulad ng mababasa natin dito, ***"24 Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?" (Roma 7:24 KJV)*** O maari nating maunawaan ang karumal-dumal nito kapag ito ay nakahiga sa libingan; sa kamatayan nito ay matatagpuan ang isang karumal-dumal na katawan, na nabayaran sa pagkabulok at alabok; ang alikabok ay babalik sa lupa tulad ng dati, ***"7 At ang alabok ay mauuwi sa lupa gaya ng una, at ang diwa ay mababalik sa Dios na nagbigay sa kaniya." (Mangangaral 12:7 KJV)*** Subalit sa pagkabuhay na mag-uli nito ay gagawing maluwalhating katawan; at hindi lamang itinaas muli sa buhay, ngunit itinaas sa malaking kalamangan. Pansinin na ang halimbawa ng pagbabagong ito ay ang maluwalhating katawan ni Cristo; nang Siya'y magbagong anyo sa bundok, Ang Kanyang mukha ay magniningning gaya ng araw, at ang Kanyang kasuotan ay maputi gaya ng liwanag, ***"2 At nagbagong-anyo siya sa harap nila; at nagliwanag ang kaniyang mukha na katulad ng araw, at pumuting tulad sa ilaw ang kaniyang mga damit. " (Mateo 17:2 KJV)*** Siya ay pumaroon sa Langit nabalutan ng katawan, upang maangkin ang mana sa ating kalikasan, at at hindi lamang ang panganay mula sa mga patay, kundi panganay sa mga anak ng pagkabuhay na mag-uli. Tayo ay aayon sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging panganay sa maraming kapatid, ***"29 Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid:" (Roma 8:29 KJV)*** Ang kapangyarihang gagamitin sa pagbabagong ito ay sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan: Ayon sa gawain kung saan Siya ay may kakayahang magpasakop pa ng lahat ng bagay sa Kanyang sarili. May bisa ng kapangyarihan, labis na kadakilaan, at paggawa ng makapangyarihang kapangyarihan gaya ng mababasa natin dito, ***"19 At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang kapangyarihan sa ating nagsisisampalataya, ayon sa gawa ng kapangyarihan ng kaniyang lakas," (Epeso 1:19 KJV)*** Ito ay isang bagay ng kapanatagan sa atin na maaari Niyang lupigin ang lahat ng bagay sa Kanyang sarili, at sa madaling panahon o kalauana ay magdadala sa lahat para sa Kanyang pakinabang. At ang pagkabuhay na mag-uli ay gagawin sa pamamagitan ng kapangyarihang ito tulad ng sinabi Niya, ***"44 Walang taong makalalapit sa akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa akin ang sa kaniya'y magdala sa akin; at siya'y aking ibabangon sa huling araw." (Juan 6:44 KJV)*** Ating pagtibayin ang ating pananampalataya sa pagkabuhay, na hindi lamang natin taglay ang mga Banal na Kasulatan, na nagpapatibay sa atin na mangyayari ito, kundi batid natin ang kapangyarihan ng Dios, na maaaring gawin ito tulad ng mababasa natin dito, ***"29 Nguni't sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Nangagkakamali kayo, sa hindi pagkaalam ng mga kasulatan, ni ng kapangyarihan man ng Dios." (Mateo 22:29 KJV)*** Gaya ng pagkabuhay na maguli ay isang maluwalhating halimbawa ng dakilang kapangyarihan, at samakatuid Siya ay ipinahayag na maging Anak ng Dios na may kapangyarihan, sa pamamagitan ng pagkabuhay mula sa mga namatay gaya ng mababasa natin dito, ***"4 Na ipinahayag na Anak ng Dios na may kapangyarihan ayon sa espiritu ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, sa makatuwid baga'y si Jesucristo na Panginoon natin," (Roma 1:4 KJV)*** Kaya sa parehong paraan ang ating pagkabuhay na maguli ay magiging: at ang Kanyang pagkabuhay ay isang nakatayong tanda, pati na rin bilang huwaran, natin. At sa gayon ang lahat ng mga kaaway ng Kaharian ng Manunubos ay ganap na sinakop. Hindi lamang ang may kapangyarihan ng kamatayan, iyon ay, ang diablo gaya ng mababasa natin dito, ***"14 Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, siya nama'y gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diablo:" (Hebrew 2:14 KJV)*** ngunit ang huling kaaway ay lilipulin, iyon, ang kamatayan, gaya ng mababasa natin dito, ***"26 Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan." (1 Corinto 15:26 KJV)*** ay lalamunin ng tagumpay gaya ng mababasa natin dito, ***"54 Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan." (1 Corinto 15:54 KJV)***

Bilang si Cristo ay darating at kunin ang Kanyang simbahan, at kabilang tayo sa kanila, kung gayon, ang panahon ng pagdurusa ay mag uumpisa sa lupa. Sisimulang ipadala ng Dios ang Kanyang poot upang parusahan ang masama. Si satanas din ay magiging aktibo dahil batid niya ng kanyang panahon ay malapit nang magtapos. Sa panahon ng pagdurusa, ang Banal an Espiritu ay kikilos din, at mayroon din pagkakataon para sa pagsisisi at para sa kaligtasan para sa mga handang magdusa sa pag uusig na magiging mabigat at sa panahong ito ay magtatapos ang mga ito sa kamatayan upang patunayan ang kanilang pag aari kay Cristo.

Mayroong iba't ibang pananaw tungkol sa pagdurusa patungkol sa masidhing kagalakan ay magaganap pagkatapos ng pagdurusa. Ngunit kung tayo'y naniniwala sa gayon nangangahulugan na naniniwala tayo na ang matuwid at masama ay dadaan sa pagdurusa at sa gayong kalagayan ang matuwid at ang masama ay hahayaang dumaan sa parehong pagdurusa.

Ngunit gaya ng ating inilarawan sa itaas na pagkatapos ng pagbabalik ng Panginoon at kunin ang mga banal na buhay pa, at tayo ay kabilang sa kanila, at salubungin sa hangin ang pagdurusa ay darating. Iyon ay matuwid at patas na pananaw sa kaliwagan ng Banal na Kasulatan na kung saan ang matuwid ay gagantimpalaan para sa kanyang pagsunod sa pagliligtas mula sa panahon ng pagdurusa. Kaya naman itinuturo natin sa mga alagad na mabuhay sa kabanalan, sa pagsunod kay Cristo, at sa Kanyang Salita, upang kapag Siya ay dumating sila'y kukunin kasama natin sa pagsalubong sa Panginoon sa hangin at maligtas sa panahon ng pagdurusa. At ang mga hindi mananampalataya at ang hindi handang magdusa at baguhin ang kanilang mga landas sila'y maiiwan at haharapin ang mga panahon ng kaguluhan na ipapadala ng Dios ang Kanyang poot at kung saan pararamihin ni Satanas ang kanyang gawain sa lahat ng panlinlang hanggang kaya niya upang dalhin sila kasama niya sa walang hanggang apoy.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating isagawa ang ating napag aralan sa mensaheng ito at ilapat sa ating buhay. Tayo ay magsisi sa lahat ng ating mga kasalanan at layuan ang masama at kasamaaan upang takasan ang paghatol ng Dios sa masama.

Huwag nating pagsamantalahan ang biyaya ng Dios at ang Kanyang mga awa at patuloy sa estado ng pagsisisi at sa estato ng pasasalamat para awa ng Dios.

Tayo na nakatuon ang ating mga mata sa Langit ay dapat pa ring magpatuloy doon sa pagnanais sa kabanalan at pag asa, at patuloy na magtiis at maghanda. Kahit pa tayo ay nasa higit na kaguluhan at hangganan kailangan nating gawin ang ating mga takdang gawain nang maayos at hanggang sa dulo at magpatuloy na maglingkod kay Cristo at hangggang makakaya natin at ipamuhay ang ating buhay para sa Kanya.

Sumang ayon tayo na magpatuloy patungo sa tanda ng katapusan, sa Langit, at gawin ang Langit na ating katapusan. Anuman ang mga paghihirap at sakit na inilalagay sa atin ng mga iyon, gawin nating mithiin ang Langit at tiisin hanggang sa makarating tayo roon.

Gawin natin ang lahat para makasama ang mga taong nagtakda ng Langit bilang mithiin na maabot. Sapagkat maraming gumagawa ng masama at dapat nating iwasan ang mga ito. Binabalaan ko kayo mga kapatid ko na mabatid at iwasan ang mga taong ang Dios ay kanilang tiyan at nakatuon ang kanilang isipan sa kasiyahan, kayamanan at katanyagan, at huwag hayaang linlangin nila kayo at ilayo kayo sa pagsulong upang maabot ang Langit.

Ang ating pagmamayan sa Langit; naghihintay sa ikalawang pagdating ni Cristo na baba mula sa Langit at kukunin tayo. Dahil sa ikalawang pagparito ni Cristo na inaasahan natin ay ang maging masaya at luwalhatiin doon. Samakatuwid may magandang dahilan upang magkaroon ng ating pagmamayan sa Langit, hindi lamang dahil naroon na ngayon si Cristo, kundi dahil umaasa tayo na naroon tayo sa lalong madaling panahon.

Hayaan ang mensaheng ito na ating natatanggap ay pagtibayin ang ating pananampalataya sa pagkabuhay na mag uli na kapag dumating si Cristo ay papalitan ang ating katawan sa mga katawang Langit at sasalubungin natin siya sa hangin. Hayaan ang mga Banal na Kasulatan na natatanggap natin ngayon at ang kapangyarihan ng Dios ay tiyakin sa atin na ito ay magaganap habang nagpapatuloy tayo sa pagsulong na nakatalaga ang ating puso kay Cristo at sa Langit. ***"20 Sapagka't ang ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula doon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo:" (Filipos 3:20 KJV)***

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggan buhay. Panginoon salamat para sa iyong nakakahikayat na Salita na nagtaas sa akin at itinakda ang aking puso at isip kasama si Jesus at sa Langit.*

*Ating ipahayag at talikuran ang ating mga kasalanan, upang tayo'y maging handa kapag si Cristo ay dumating at kunin tayo kasama Niya sa Langit. Talikuran ang kamunduhan, pagibig sa materyal na mga bagay,*

*kasiyahan, at katanyagan. Talikdan ang panghihina ng loob, pagdududa, kawalan ng pananampalataya, pakikisama sa mga hindi mananampalataya, pagiging masamang halimbawa sa iba, at walang kahandaaan na maglingkod sa Dios.*

*Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ____________________.*
*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na kalimutan kung anong nasa likuran at lahat ng aking nakamit para sa iyo at sa iyong gawain. Panginoon patuloy akong magpapatuloy sa Langit upang makamit pa ang mga layunin na itinakda mo sa harap ko. Panginoon ipinagako ko ang aking sarili na magtiis sa kabila ng lahat ng pagdurusa, ang pagtutol at ang mga pakikibaka na nakatakda sa harap naming.. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, mahabang pagdurusa, pagpipigil sa sarili na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay na ipamuhay para sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at ihanda kami at pasakdalin kami upang maging handa kami para iyong pagparito upang salubungin ka sa hangin. Panginoon paging dapatin kami at buksan ang bagong pintuan para sa amin na mag evangelio at yumaon sa iyong kapangyarihan at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon tulungan kami na ibahagi ang iyong Salita at pananampalataya sa iyo at magdala ng panunumbalik sa mga napapagod na itakda ang kanilang isip at puso sa iyo at sa Langit. Panginoon pangunhan kami upang sanayin ang bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay sa amin at ilayo kami sa masama upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com